## Kuwento 6 : Moses III

Talata sa Bibliya
[Exodus 14:13]

**Sumagot si Moises, "Lakasan ninyo ang inyong loob: huwag kayong matakot. Tingnan na lang ninyo kung paano kayo ililigtas ngayon ni Yahweh. Hindi na ninyo muling makikita ang mga Egipciong iyan.**

Ang mahabang paglalakabay ng mga Israelita at ni Moses ay nagsimula sa bayan ng Canaan.

Tuwing umaga, pinoprotektahan sila ng Diyos sa mainit na araw sa pamamagitan ng mga ulap, at sa gabi naman ay pinapatnubayan sila ng Diyos sa pamamagitan ng isang haliging apoy. At di naglaon ay nakarating ang mga tao sa Pulang dagat.

Pinaglatag ni Moses ang mga tao ng kanilang mapagpapahingahan.

Sa kabilang banda inisip ng Paraon na sana ay hindi niya pinalaya ang mga Israelita.

Kaya't hinabol ng mga kabayo, mga karwahe, mga mangangabayo at mga hukbo ng Paraon ang mga Israelita sa disyerto.



Ang mga Israelita na namamahinga sa tabing dagat ay nasilayan ang mga Ehipsyo na papunta sa kanila.

Natakot ang mga tao sa Ehipsyo at nagalit sila kay Moses

Sumagot si Moses. "Huwag kayong matakot, ililigtas tayo ng Panginoon."

Ngunit ang mga Ehipsyo ay mabilis na nakarating. Kinausap ng Diyos si Moses. "Moses, gabayan mo ang aking mga tao at tumawid kayo sa pulang dagat! Dalhin mo ang iyong tungkod at iunat mo ang iyong kamay sa ibabaw ng tubig upang ito ay mahati at makadaan kayo sa tuyong dagat." Ginawa ni Moses ang sinabi ng Diyos. Kinuha niya ang kaniyang tungkod at iniunat ang kaniyang kamay.

Nang ginawa niya ito ang hangin ay nagsimulang umihip ng malakas at nahati nga ang tubig at natuyo ang parte ng dagat.

Ang tubig ay nahati at ang mga tao ay nakalakad sa tuyong gitnang bahagi ng dagat.

Ang lahat ng Israelita ay nakatawid sa dagat ng ligtas. At nakarating na din ang mga sundalo ng Ehipto sa dagat.

Iniunat muli ni Moses ang kaniyang kamay sa dagat. At nagsimulang magsama muli ang mga tubig.

Sinubukan ng mga Ehipsiyo na tumakas mula sa tubig ngunit pinabalik ng Diyos ang tubig sa mga Ehipsyo at ang kanilang mga karwahe at mangangabayo. Sinubukan ng mga Ehipsyo na makaalis sa tubig. Ang lahat ng Ehipsyo ay nagsimulang purihin ang Panginoon.


Sila'y naniwala sa Diyos at sa tagasunod nitong si Moses.

Si Moses ay tinawag ng Diyos upang pamunuan ang mga Israelita patungo sa bayan ng Canaan na lupang ipinangako.





**Gawain 1.** Idikit ang kulay asul na papel sa Pulang Dagat. Gupitin si Moises at ang mga tao, at idikit sila sa tuyong lupa. (Mga Kagamitan: may kulay na papel, gunting, pandikit)









- Bakatin at kabisaduhin ang Bible verse.(Exodus 14:13)

Tingnan na lang ninyo kung paano kayo ililigtas ngayon ni Yahweh.

**Gawain 2.** Isipin ang ating natutunan ngayong araw at kulayan ang larawan sa ibaba.

